


Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

Ikalawang Markahan – Modyul 4 Sitwasyong Pangwika sa Larangan ng Edukasyon, Pamahalaan, at Kalakalan



Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 4: Sitwasyong Pangwika sa Larangan ng Edukasyon,
Pamahalaan, at Kalakalan
Unang Edisyon, 2021

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Imelda H. Aglibot

Editor: Fritz M. Bahilango

Tagasuri: Ernesto C. Caberte, Jr., Leilani E. Vizarra, Maria Ildena L. Cuadro,
Randy Ciruelos, Shaine Rita I. Krebs

Tagaguhit: Ronie C. Suinan

Tagalapat: Jera Mae B. Crusado, Kaycee Lheine G. Cortez

Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas

Job S. Zape, Jr.

Ramonito O. Elumbaring

Reicon C. Condes

Elaine T. Balaogan

Fe M. Ong-ongowan

Rommel C. Bautista

Galileo L. Go

Randy D. Punzalan

Elpidia B. Bergado

Noel S. Ortega

Maribeth C. Rieta

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

**Komunikasyon
at Pananaliksik sa Wika
at Kulturang Pilipino
Ikalawang Markahan – Modyul 4
Sitwasyong Pangwika sa Larangan
ng Edukasyon, Pamahalaan,
at Kalakalan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


Bilang isang manlalakbay, ikaw ay may mga pagdaraanang pagsubok na huhubog sa iyong kakayahan upang iyong matamo ang mga sumusunod na kasanayan pagkatapos ng aralin:

Kasanayang Pampagkatuto:

- Naipaliliwanag nang pasalita ang iba't ibang anyo at pamaraan ng paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon (**F11PS-IIb-89**)

Layunin:

1. Naipaliliwanag nang pasalita ang anyo ng paggamit ng wika sa kalakalan, pamahalaan at edukasyon
2. Naipaliliwanag nang pasalita ang paraan ng paggamit ng wika sa kalakalan, pamahalaan at edukasyon
3. Nagagamit ang angkop na wikang dapat gamitin sa kalakalan, edukasyon at pamahalaan



Subukin

Bilang isang manlalakbay, ikaw ay may mga pagdaraanang pagsubok na huhubog sa iyong kakayahan upang iyong matamo ang mga sumusunod na kasanayan.

A. Panuto: Ipaliwanag ang anyo at paraan ng paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon kaugnay ng kalakalan, pamahalaan at edukasyon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Anong pamamaraan ng paggamit ng wika ang ginagawang panghikayat ng mga kandidato upang sila ay iboto sa tuwing sasapit ang eleksiyon?
 - a. “Bumoto nang tama at iyong karapat-dapat!”
 - b. “Huwag kayong maniniwala sa mga oposisyon!”
 - c. “Kapag ako ang ibinoto ninyo, magkakapera kayo!”
 - d. “Kapag ako ang ibinoto ninyo, tutulungan kong umunlad ang ating bansa!”
2. Bakit Ingles ang wikang ginagamit sa mga website?
 - a. Amerikano ang gumawa nito kaya Ingles ang ginamit na wika.
 - b. Ingles ang itinuturing na universal language.
 - c. Nasanay na lamang ang mga tao na Ingles ang nakikita sa website.
 - d. Walang panumbas na salita sa Filipino ang ilang salitang Ingles.
3. Anong pamamaraan ang ginamit ng DepEd sa paghahatid ng kanilang programang pang-edukasyon tulad ng “Brigada Eskwela” at “Tayo para sa Edukasyon”?
 - a. Walang katumbas na linya sa Ingles
 - b. Wikang Tagalog upang madali itong tandaan at gawin.
 - c. Pinoy ang mga mag-aaral kaya dapat wikang Filipino ang gamitin.
 - d. Gumamit ng wikang Filipino upang higit na makahikayat sa mga mag-aaral at magulang.
4. Ito ang wikang ginagamit ng malalaking negosyo upang mahikayat na tangkilikin ang kanilang produkto.
 - a. Big SALE!
 - b. Bagsak-presyo!
 - c. Pwede utang!
 - d. Buy 1 Take 2!
5. Ano ang pangunahing wikang ginagamit bilang wikang panturo sa kolehiyo?
 - a. paggamit ng Pilipino
 - b. pag-aaral gamit ang Filipino
 - c. bilingguwal na pamamaraan at wikang Ingles
 - d. paggamit ng diyalekto sa ugnayan

6. Bakit higit na gamitin ang wikang Ingles sa mga *Business Process Outsourcing* (BPO) o *mga call center*?
 - a. Dayuhan ang binibigyan ng serbisyo ng mga call center agent.
 - b. Ingles ang isa sa opisyal na wika sa bansa
 - c. Ingles ang usong salita sa ganitong uri ng trabaho.
 - d. Tutol ang mga may-ari ng kumpanya na gamitin ang wikang Filipino

7. Ito ang layunin kaya nilagdaan at ipinatupad ni dating Pangulong Gloria Macapagal Arroyo ang Executive Order 210 noong 2003.
 - a. Hindi naging matagumpay ang bilingguwal na polisiya sa edukasyon sa hinahangad na pagkatuto ng mga mag-aaral.
 - b. Layunin nitong makatutulong upang higit na malinang at lumaganap ang unang wika ng mga mag-aaral, gayundin ang Filipino kasabay ng pagkatuto ng wikang Ingles.
 - c. Layunin nitong maipalaganap ang paggamit ng mga opisyal na wika ng bansa.
 - d. Layunin nitong palakasin ang pagtuturo at pagkatuto sa pamamaraang paggamit ng wikang Ingles sa batayang edukasyon ng Pilipinas.

8. Ano pamamaraang sa wikang ginamit ni dating Pangulong Benigno Aquino III sa kanyang mahahalagang panayam at talumpati tulad ng State of the Nation Address (SONA)?
 - a. Pormal na wikang Filipino, dahil may malaking kontribusyon sa pagpapalaganap ng wikang ito si dating Pangulong Corazon C. Aquino.
 - b. Pormal at wikang Filipino, dahil nais niyang maunawaan ng ordinaryong mamamayan ang kanyang inihahatid na mensahe.
 - c. Iba't ibang diyalekto, dahil nais niyang patunayan na mahusay siya sa pagsasalita nito.
 - d. Ingles, dahil wala siyang kakayahang magsalita ng wikang Filipino.

9. Ito ang layunin ng paggamit ng wikang Filipino sa mga komersyal o patalastas pantelebisyon o panradyo.
 - a. Maaaring maipalabas sa iba't ibang istasyon ng radyo at telebisyon ang patalastas.
 - b. Makapagbibigay ito ng pagkakataon upang pasikatin ang mga endorser ng produkto.
 - c. Makatutulong ito upang maakit ang mamimili na tangkilikin ang produkto.
 - d. Makatutulong ito upang maintindihan ang palitan ng diyologo ng mga artistang nag-eendorso ng produkto.

10. Bakit ginawang opisyal na wikang panturo mula Kindergarten hanggang Grade 3 ang mother tongue o unang wika sa K to 12 Kurikulum?

- a. Higit na bihasa ang mga mag-aaral na gamitin ang kanilang kinagisnang wika sa pakikipagkomunikasyon.
 - b. Higit na madaling mauunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.
 - c. Makatutulong ito upang mapaunlad ang wika, kaisipan ng mga mag-aaral at makapagpapatibay rin sa kanilang kamalayang sosyo-kultural.
 - d. Wala pang kakayahan ang mga mag-aaral sa ganitong baitang upang gamitin ang wikang Ingles maging ang Filipino.
11. Patuloy na nagagamit ang wikang Filipino ngunit ang umiiral na wikang ginagamit sa mga komersyo at negosyo, pamilihan, direct selling, at production line ay nananatiling ____.
- a. Pormal
 - b. Di- Pormal
 - c. Balbal
 - d. Pampanitikan
12. Ang paraan ng wikang gagamitin ayon sa polisiyang “Mother Tongue Based Multi-Lingual Education.
- a. Wikang Ingles ang pananatilihing wika sa paaralan.
 - b. Ingles ang isa sa opisyal na wika sa paaralan
 - c. Filipino at ibang diyalektal ang gagamitin sa paaralan.
 - d. Ingles ang pinananatiling gamiting panturo hanggang sa mataas na antas.
13. Ang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan gamit ang wika ng mga namamahala ng tinatawag na multinational companies at Business Process Outsourcing (BPO).
- a. Pormal na ginagamit ang kanilang wikang diyalektal.
 - b. Pormal na ginagamit ang wikang Ingles.
 - c. Impormal na pakikipag-ugnayan upang tangkilikin ang produkto.
 - d. Pormal at wikang Filipino
14. Siya ang nagtaguyod upang maipalaganap ang paggamit ng wikang Filipino sa pamahalaan.
- a. Pangulong Corazon C. Aquino
 - b. Pangulong Gloria Macapagal Arroyo
 - c. Pangulong Ferdinand E. Marcos
 - d. Pangulong Fidel V. Ramos
15. Sa paanong paraan nagagamit ang wika sa merkado, pabrika, at sa mga pagawaan.
- a. diyalektal at gumagamit ng balbal na salita
 - b. nananatiling Filipino at gumagamit ng iba’t ibang barayti nito
 - c. pormal na pakikipag-ugnayan sa Filipino at Ingles
 - d. paggamit ng monolingguwal

Aralin**4****Sitwasyong Pangwika sa Larangan ng Edukasyon, Pamahalaan, at Kalakalan**

Ang araling ito ay lubos na makatutulong sa pag-unawa sa kalagayan ng ating wika pagdating sa paggamit sa iba't ibang larangan tulad ng Edukasyon, Pamahalaan, at Kalakalan. Bago natin ipagpatuloy ang pagtalakay sa paksa ay isagawa mo ang mga susunod na gawain nakatala dito.

***Balikan***

Panuto: Suriin ang mga pamagat at dayalogo sa pelikula at sagutin ang mga tanong kaugnay nito tungkol sa lingguwistiko at kultural na ugnayan nito sa sitwasyong pangwika Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. “She loved me at my worst. You had me at my best, but binalewala mo lang ang lahat...and you chose to break my heart.” (Popoy - *One More Chance*)
Anong wika ang ginamit sa pahayag?
 - a. Barayti ng Filipino
 - b. Code Switching
 - c. Ingles
 - d. Tagalog
2. Gusto ko magkakasama tayo bago ako makipagkita kay San Pedro. Tatal pitong linggo na lang naman.” (Tatay – *Seven Sundays*) Alin sa mga kultura ng Pilipino ang mahihiwatigan sa pahayag?
 - a. Close Family Ties
 - b. Extended Family
 - c. Pamamanhikan
 - d. Piyesta
3. Anong nais ipahiwatig ni Tonyo sa pelikulang Kita Kita nang sabihin niya kay Lea na “Alam mo *click* tayo.”?
 - a. Bagay sila
 - b. Magkaibigan na sila
 - c. Pumindot na sila
 - d. Magkapatid sila.

4. Ano ang ipinahihwatig ng pamagat ng pelikula nina Angelica Panganiban at Carlo Aquino na *Exes Baggage*?
 - a. Bagaheng di nakailangan
 - b. Dating kasintahan
 - c. Lumang maleta
 - d. Sobrang bagahe

5. “Alam ko kasi ang mga mama, hirap na hirap sila kapag malayo sila sa kanilang anak.” (Odrey – *Miss Granny*). Anong kultura ng Pilipino ang masasalamín sa pahayag?
 - a. Paghihigpit ng magulang
 - b. Pagpapahalaga sa anak
 - c. Pagpapahalaga sa magulang
 - d. Pagtitiis ng hirap



Mga Tala para sa Guro

Tiyaking malinaw at maayos ang pagbibigay ng panuto. Alamin kung nasusunod ito nang wasto. Ipaalala sa mag-aaral na laging maging matapat sa pagsagot sa mga gawain,



Tuklasin

Maraming Pilipino ang naiimpluwensyahan at gumagamit ng wikang Ingles sa iba't ibang antas sa kabila ng pagkakaroon ng pambansang wika ng Pilipinas. Subalit hindi maitatatwa na Ingles pa rin ang ginagamit sa sistema ng edukasyon at print media, kaya itinuturing pa ring makapangyarihan ang wikang Ingles sa ating lipunan at dominanteng wika sa edukasyon.

Sa kasalukuyan, wikang Filipino ang ginagamit sa pamamahala, lehislatura at mga korte sa Pilipinas, ngunit Ingles pa rin ang namamayaning wika na ginagamit ng mga mambabatas at ng mga pulitiko. Gayondin sa mga intelektuwal na usapin, komersyo o negosyo ay Ingles din ang ginagamit habang Filipino naman sa lokal na komunikasyon at mga palabas sa telebisyon.

Binigyang-diin ni Boudieu (1991) sa kanyang *Language and Symbolic Power* na ang pagkakaroon ng lehitimong wika sa isang lipunan ang nagpapatatag sa ekonomiya at pulitika ng isang bansa kung gagamitin ito bilang wika sa pag-unlad ng sistema ng edukasyon at pagpapagana ng sistema ng paggawa.

SITWASYONG PANGWIKA SA EDUKASYON

Taong 2003 nang lagdaan ni dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo at ipatupad ang Executive Order 210 na may pangkalahatang layunin na palakasin ang pagtuturo at pagkatuto gamit ang wikang Ingles sa batayang edukasyon sa Pilipinas.

Sa kabilang banda, sa bagong kurikulum na nilagdaan ni dating Pangulong Benigno C. Aquino III, ang mother tongue o unang wika ng mga mag-aaral ay naging opisyal na wikang panturo mula Kindergarten hanggang Grade 3 sa mga paaralang pampubliko at pribado man – *Mother Tongue-Based Multi-Lingual Education* (MTB-MLE). Sa kurikulum na ito pinanatili ang wikang Filipino at Ingles na gamitin at ituro pa rin sa mga paaralan maging sa mas mataas na antas.

Binigyang-diin ni dating Kalihim Armin Luistro na ang paggamit ng wikang ginagamit din sa tahanan sa mga unang baitang ng pag-aaral ay makatutulong upang mapaunlad ang wika at kaisipan ng mga mag-aaral. Makapagpapatibay din sa kanilang kamalayang sosyo-kultural.

Dahil sa bagong kurikulum, binago rin ang asignaturang itinatadhana ng CHED. Mula sa dating 60 units na kurso sa *General Education Curriculum* (GEC), ginawa itong 36 units na lamang at inalis na rin ang asignaturang Filipino sa kolehiyo.

Ang pagsunod sa mga pamantayan na inilalabas ng DepEd, CHED at ng KWF ay makatutulong sa mag mag-aaral upang higit na malinang at lumaganap ang unang wika ng mga mag-aaral, gayundin ang wikang Filipino kasabay ng pagkatuto ng Ingles upang mas maunawaan nila ang mga aralin na pinag-aaralan.

SITWASYONG PANGWIKA SA PAMAHALAAN

Isa sa malaking kontribusyon ni dating Pangulong Corazon C. Aquino sa pagpapalaganap ng wikang Filipino sa pamahalaan ang Atas Tagapagpaganap Blg. 335, s. 1988. Nakatulong ito upang maging mas malawak ang paggamit ng wika sa iba't ibang antas at sangay ng pamahalaan.

Maging si dating Pangulong Benigno C. Aquino III ay itinaguyod din ang pagpapahalaga sa ating sariling wika sa pamamagitan ng paggamit niya ng wikang Filipino sa kanyang *State of the Nation Address* (SONA). Ayon sa kanya, mas makabubuti na maintindihan ng mga ordinaryong mamamayan ang kanyang sinasabi.

Sa kasalukuyan, wikang Filipino na rin ang ginagamit sa mga opisyal na pagdinig sa pamahalaan subalit may mga pagkakataon na gumagamit ng code switching ang mga nanunungkulan sa gobyerno lalo na kapag teknikal ang mga salita o sadyang walang mahanap na katumbas nito sa Filipino.

SITWASYONG PANGWIKA SA KALAKALAN

Masasabing malaki ang epekto ng pangangalakal sa wika ng isang bansa sapagkat sa pakikipagtalastasan nagaganap ang pakikipagkalakalan. Isa sa epekto ng kalakalan sa wikang Filipino ay ang paggamit sa tatak ng isang pangunahing produkto bilang generic name nito na nagdudulot ng kalituhan sa mga mamimili at nagtitinda.

Dahil sa pagbabagong nagaganap sa mundo, nagbabago rin ang paraan ng pakikipagnegosasyon ng tao. Umusbong sa bansa ang *call center* na nagbigay ng bagong trabaho para sa mga Pilipino. Ingles ang wikang ginagamit ng mga *call center agent* bagamat nakabase sa Pilipinas sapagkat dayuhan ang mga kliyente na kanilang binibigyan ng serbisyo.

Sa mga tanggapan ng malalaking kumpanya na tinatawag na multinational companies wikang Ingles din ang higit na ginagamit. Maging ang mga inilalabas na memo, kontratang pinapipirmahan at mga liham-pangangalakal ay nakasulat sa wikang Ingles. Ang mga press release na inilalathala sa social media, maging sa print advertisement tulad sa broadsheet at magazine ay ito rin ang ginagamit sapagkat mas malawak na uri ng konsyumer ang kanilang target at hindi lamang nakatuon sa mga Pilipino.

Subalit sa kabilang banda, mapapansin na pinanatili ang paggamit ng wikang Filipino at iba pang barayti nito sa mga merkado sa bansa at maging sa mga pabrika at pagawaan. Filipino rin ang ginagamit na wika sa mga patalastas ng produkto upang mahikayat ang mamamayan na tangkilikin ito. Naniniwala ang mga prodyuser na kapag sikat na artista o endorser ang kanilang kinuha ay mahihikayat ang mga mamimili na tangkilikin at bumili ng kanilang produkto.

KARAGDAGANG KAALAMAN

ANYO NG WIKA

Pinakapayak sa mga anyo ng wika ang paggamit ng mga salita o pagsasalita. Subalit kabilang din rito ang pagsusulat, mga wikang pasenyas, larangan ng musika, sining ng pagpipinta, pagsasayaw, at maging ang matematika. "Wika" ang lahat ng mga ito kung gagamitin ang malawakan na kahulugan ng wika. Sa ilang pagkakataon, tinatawag ding **dila** (piguratibo), salita, diyalekto, o *lingo* (sariling-wika ng isang grupo) ang *wika*.

KATEGORYA NG PAGGAMIT NG WIKA

Ang dalawang kategorya ng paggamit ng wika ay **pormal** at **impormal** o **di-pormal**.

Pormal

Ang *pormal* ay ang mga salitang istandard, karaniwan, o pamantayan dahil kinikilala, tinatanggap at ginagamit ng higit na nakararami lalo na mga nakapag-aral ng wika. Ginagamit ito sa mga usapang pormal. Narito ang mga uri nito:


1. **Pambansa o karaniwan** - mga karaniwang salitang ginagamit sa mga aklat pangwika o pambalarila sa mga paaralan, gayundin sa pamahalaan.
2. **Pampanitikan o panretorika** - mga salitang ginagamit sa mga akdang pampanitikan, karaniwang matatayog, malalalim, makulay, at masining.

Impormal o di pormal

Ang *impormal* o *di-pormal* ay mga salitang karaniwang palasak at madalas gamitin sa pang-araw-araw na pakikipagusap. Ginagamit ito sa mga hindi pormal na usapan. Narito ang mga uri nito:

1. **Lalawiganin** - mga bokabularyong diyalektal. Gamitin ito sa mga partikular na pook o lalawigan lamang.

2. **Balbal** - mga salitang nahango lamang sa pagbabago o pag-usod ng panahon, mga salitang nabuklat sa lansangan.
3. **Kolokyal** - mga salitang ginagamit sa mga pagkakataong inormal. Ang pagpapaikli ng isa, dalawa, o higit pang salita ay mauuri rin sa antas na ito. Halimbawa: Mayroon-meron ayaw ko-ayoko nasaan-nasa'



Suriin

Panuto: Ipaliwanag mo sa isang kaibigan o kakilala ang kahulugan o layunin ng sumusunod na pahayag at kung saan ito karaniwang makikita o ginagamit. Sikapang i-record sa iyong mobile phone ang inyong usapan upang mapakinggang muli.

1. *“No return, no exchange”*
2. *“Do you have any question, class?”*
3. *“Vote wisely!”*

Panuto: Bilugan sa talahanayan ang iyong puntos sa gawaing ito batay sa naging pagpapaliwanag.

Pamantayan sa Pagmamarka

PUNTOS	PAMANTAYAN
10	Lubusang naunawaan ng aking kaibigan ang kahulugan o layunin ng lahat ng pahayag na ipinaliwanag ko sa kanya at kung saan ito ginagamit o makikita.
8	Naunawaan ng aking kaibigan ang kahulugan o layunin ng 2 (dalawa) sa pahayag na ipinaliwanag ko sa kanya at kung saan ito ginagamit o makikita.
6	Naunawaan ng aking kaibigan ang kahulugan o layunin ng 1(isa) sa pahayag na ipinaliwanag ko sa kanya at kung saan ito ginagamit o makikita.
4	Hindi gaanong naunawaan ng aking kaibigan ang kahulugan o layunin ng lahat ng pahayag na ipinaliwanag ko sa kanya at kung saan ito ginagamit o makikita.
2	Walang naunawaan ang aking kaibigan sa kahulugan o layunin kahit isa man sa pahayag na ipinaliwanag ko sa kanya subalit alam niya kung saan ito ginagamit o makikita.

Bilugan sa talahanayan ang iyong puntos sa gawaing ito.

PUNTOS	PAMANTAYAN
10	Naipaliwanag ko sa <i>vlog</i> kung paano nakatulong ang paggamit ng tamang anyo at paraan ng paggamit ng wika upang makapanghikayat ng tao at may nagbigay ng 3 (tatlo) na positibong komento.
8	Naipaliwanag ko sa <i>vlog</i> kung paano nakatulong ang paggamit ng tamang anyo at paraan ng paggamit ng wika upang makapanghikayat ng tao at may nagbigay ng 2 (dalawa) na positibong komento.
6	Naipaliwanag ko sa <i>vlog</i> kung paano nakatulong ang paggamit ng tamang anyo at paraan ng paggamit ng wika upang makapanghikayat ng tao at may nagbigay ng 1 (isa) na positibong komento.
4	Hindi ko gaanong naipaliwanag nang maayos at malinaw ang tamang anyo at paraan ng paggamit ng wika upang makapanghikayat.
2	Hindi ko naipaliwanag nang maayos at malinaw ang tamang anyo at paraan ng paggamit ng wika upang makapanghikayat.



Isaisip

Ang bahaging ito ay naglalaman ito ng mga katanungan upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

Panuto: Subukin mong gumawa ng isang *spoken poetry* na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng wika sa kalakalan, pamahalaan at edukasyon.

Ang hamon ko sa iyo ay bigkasin mo ang iyong nagawang spoken poetry at i-post ang video nito sa Facebook page ng inyong seksyon upang marinig ng mas nakararami ang iyong nais ipaliwanag tungkol sa paraan ng paggamit ng wika sa kalakalan, pamahalaan at edukasyon.

Bilugan sa talahanayan ang iyong puntos sa gawaing ito.

PUNTOS	PAMANTAYAN
10	Nabigkas ko nang maayos at nai-post ko ang video sa FB ang aking nagawang tula na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng wika sa kalakalan, pamahalaan at edukasyon at nakatanggap ako ng 3 (tatlo) na positibong komento ukol dito.
8	Nabigkas ko nang maayos at nai-post ko sa FB ang aking nagawang tula na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng wika sa kalakalan, pamahalaan at edukasyon at nakatanggap ako ng 2 (dalawa) na positibong komento ukol dito.
6	Nabigkas ko at nai-post ko sa FB ang aking nagawang tula na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng wika sa kalakalan, pamahalaan at edukasyon at nakatanggap ako ng 1 (isa) na positibong komento ukol dito. .
4	Hindi ko nabigkas at 'di ko nai-post sa FB ang aking nagawang tula na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng wika sa kalakalan, pamahalaan at edukasyon subalit ipinarinig ko ito sa ilang mga kaibigan at kakilala.
2	Hindi ko nabigkas at 'di ko nai-post sa FB o sa kaibigan ang aking nagawang tula na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng wika sa kalakalan, pamahalaan at edukasyon.

Pamantayan sa Pagmamarka

PUNTOS	PAMANTAYAN
10	Gustong-gusto ko ang nilalaman ng <i>jingle/rap/talumpati</i> sapagkat naipaliwanag dito kung paano maipalalaganap ang angkop na wikang dapat gamitin sa larangan ng kalakalan, pamahalaan at edukasyon.
8	Gusto ko ang nilalaman ng <i>jingle/rap/talumpati</i> sapagkat naipaliwanag dito kung paano maipalalaganap ang angkop na wikang dapat gamitin sa larangan ng kalakalan, pamahalaan at edukasyon.
6	Hindi ko nagustuhan ang nilalaman ng <i>jingle/rap/talumpati</i> bagamat naipaliwanag kung paano maipalalaganap ang angkop na wikang dapat gamitin sa larangan ng kalakalan, pamahalaan at edukasyon.
4	Hindi ko nagustuhan ang nilalaman ng <i>jingle/rap/talumpati</i> sapagkat hindi malinaw na naipaliwanag kung paano maipalalaganap angkop na wikang dapat gamitin sa larangan ng kalakalan, pamahalaan at edukasyon.
2	Walang dating para sa akin ang nilalaman ng <i>jingle/rap/talumpati</i> , sapagkat hindi naipaliwanag nang maayos at kulang sa kaisipan kung paano maipalalaganap ang angkop na wikang dapat gamitin sa larangan ng kalakalan, pamahalaan at edukasyon.



Tayahin

“Kapag may simula ay mayroon ding wakas!” Tiyakin natin ang iyong pagkatuto.

Panuto: Ipaliwanag ang anyo at paraan ng paggamit ng wika sa iba’t ibang sitwasyon kaugnay ng kalakalan, pamahalaan at edukasyon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.


1. Bakit higit na gamitin ang wikang Ingles sa mga *Business Process Outsourcing* (BPO) o mga *call center*?
 - a. Dayuhan ang binibigyan ng serbisyo ng mga call center agent.
 - b. Ingles ang isa sa opisyal na wika sa bansa.
 - c. Ingles ang usong salita sa ganitong uri ng trabaho.
 - d. Tutol ang mga may-ari ng kumpanya na gamitin ang wikang Filipino.
2. Anong pamamaraan ang ginamit ng DepEd sa paghahatid ng kanilang programang pang-edukasyon tulad ng “Brigada Eskwela” at “Tayo para sa Edukasyon”?
 - a. Walang katumbas na linya sa Ingles
 - b. Wikang Tagalog upang madali itong tandaan at gawin
 - c. Pinoy ang mga mag-aaral kaya dapat wikang Filipino ang gamitin.
 - d. Gumamit ng wikang Filipino upang higit na makahikayat sa mga mag-aaral at magulang.
3. Ito ang wikang ginagamit ng malalaking negosyo upang mahikayat na tangkilikin ang kanilang produkto.
 - a. Big SALE!
 - b. Bagsak-presyo!
 - c. Pwede utang!
 - d. Buy 1 Take 2!
4. Ano ang pangunahing wikang ginagamit bilang wikang panturo sa kolehiyo?
 - a. paggamit ng Pilipino
 - b. pag-aaral gamit ang Filipino
 - c. bilingguwal na pamamaraan at wikang Ingles
 - d. paggamit ng diyalekto sa ugnayan
5. Ito ang layunin kaya nilagdaan at ipinatupad ni dating Pangulong Gloria Macapagal Arroyo ang Executive Order 210 noong 2003.
 - a. Hindi naging matagumpay ang bilingguwal na polisiya sa edukasyon sa hinahangad na pagkatuto ng mga mag-aaral.
 - b. Layunin nitong makatutulong upang higit na malinang at lumaganap ang unang wika ng mga mag-aaral, gayundin ang wikang Filipino kasabay ng pagkatuto ng wikang Ingles.

- c. Layunin nitong maipalaganap ang paggamit ng mga opisyal na wika ng bansa.
 - d. Layunin nitong palakasin ang pagtuturo at pagkatuto gamit ang wikang Ingles sa batayang edukasyon ng Pilipinas.
6. Ano pamamaraang sa wikang ginamit ni dating Pangulong Benigno Aquino III sa kanyang mahahalagang panayam at talumpati tulad ng State of the Nation Address (SONA)?
- a. Pormal na wikang Filipino, dahil may malaking kontribusyon sa pagpapalaganap ng wikang ito si dating Pangulong Corazon C. Aquino.
 - b. Pormal at wikang Filipino, dahil nais niyang maunawaan ng ordinaryong mamamayan ang kanyang inihahatid na mensahe.
 - c. Iba't ibang diyalekto, dahil nais niyang patunayan na mahusay siya sa pagsasalita nito.
 - d. Ingles, dahil wala siyang kakayahang magsalita ng wikang Filipino.
7. Ito ang layunin ng paggamit ng wikang Filipino sa mga komersyal o patalastas pantelebisyon o panradyo.
- a. Maaaring maipalabas sa iba't ibang istasyon ng radyo at telebisyon ang patalastas.
 - b. Makapagbibigay ito ng pagkakataon upang pasikatin ang mga endorser ng produkto.
 - c. Makatutulong ito upang maakit ang mamimili na tangkilikin ang produkto.
 - d. Makatutulong ito upang maintindihan ang palitan ng diyologo ng mga artistang nag-eendorso ng produkto.
8. Bakit ginawang opisyal na wikang panturo mula Kindergarten hanggang Grade 3 ang Mother Tongue o unang wika sa K to 12 Kurikulum?
- a. Higit na bihasa ang mga mag-aaral na gamitin ang kinagisnang wika.
 - b. Higit na madaling mauunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.
 - c. Makatutulong ito upang mapaunlad ang wika, kaisipan ng mga mag-aaral at makapagpapatibay rin sa kanilang kamalayang sosyokultural.
 - d. Wala pang kakayahan ang mga mag-aaral sa ganitong baitang upang gamitin ang wikang Ingles maging ang Filipino.
9. Patuloy na nagagamit ang wikang Filipino ngunit ang umiiral na wikang ginagamit sa mga komersyo at negosyo ay nananatiling ____.
- a. Diyalekto
 - b. Filipino
 - c. Ingles
 - d. Tagalog

10. Ang alituntunin ng polisiyang “Mother Tongue Based Multi-Lingual Education.
- Dayuhang wika ang pananatilihing wika sa paaralan.
 - Ingles ang isa sa opisyal na wika sa paaralan.
 - Filipino at mga ibang diyalekto ang gagamitin sa paaralan.
 - Ingles at Filipino ang pinanatiling gamiting panturo hanggang sa mataas na antas.
11. Ang wikang nananaig sa merkado, sa mga pabrika, at sa mga pagawaan.
- Diyalektal
 - Filipino
 - Filipino at Ingles
 - Ingles
12. Sa mga naiisip na sari-saring panghikayat ang mga kandidato tuwing sasapit ang eleksyon (tulad ng JINGLE), anong wika ang kadalasang nakapaloob dito?
- pormal
 - di- pormal
 - balbal na salita
 - diyalektal
13. Bakit Ingles ang wikang ginagamit sa mga website?
- Amerikano ang gumawa nito kaya Ingles ang ginamit na wika.
 - Ingles ang itinuturing na universal language.
 - Nasanay na lamang ang mga tao na Ingles ang nakikita sa website.
 - Walang panumbas na salita sa Filipino ang ilang salitang Ingles.
14. Patuloy na nagagamit ang wikang Filipino ngunit ang umiiral na wikang ginagamit sa mga komersyo at negosyo, pamilihan, direct selling, at production line ay nananatiling ____.
- Pormal
 - Di- Pormal
 - Balbal
 - Pampanitikan
15. Anong pamamaraan ng paggamit ng wika ang ginagawang panghikayat ng mga kandidato upang sila ay iboto sa tuwing sasapit ang eleksiyon?
- “Bumoto nang tama at iyong karapat-dapat!”
 - “Huwag kayong maniniwala sa mga oposisyon!”
 - “Kapag ako ang ibinoto ninyo, magkakapera kayo!”
 - “Kapag ako ang ibinoto ninyo, tutulongan kong umunlad ang ating bansa!”

Pamantayan sa pagmamarka

PUNTOS	PAMANTAYAN
10	Naipaliwanag nang buong linaw sa spoken word poetry kung paano nakatulong ang paggamit ng tamang anyo at paraan ng paggamit ng wika upang malawak ang wika. Nagbigay ng 3 (tatlo) na patunay.
8	Naipaliwanag nang malinaw sa spoken word poetry kung paano nakatulong ang paggamit ng tamang anyo at paraan ng paggamit ng wika upang malawak ang wika. Nagbigay ng 2 (dalawa) na patunay.
6	Naipaliwanag sa spoken word poetry kung paano nakatulong ang paggamit ng tamang anyo at paraan ng paggamit ng wika upang mapalawak ang wika. Nagbigay ng 1 (isa) na patunay.
4	Hindi ko gaanong naipaliwanag nang maayos at malinaw ang tamang anyo at paraan ng paggamit ng wika upang makapanghikayat.
2	Hindi ko naipaliwanag nang maayos at malinaw ang tamang anyo at paraan ng paggamit ng wika upang makapanghikayat.



Susi sa Pagwawasto

Iwasto ang sagot mula sa panimula at pangwakas na pagtataya na ginawa sa naunang bahagi ng modyul na ito.

<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none">1. A2. D3. D4. A5. C6. A7. D8. B9. C10. C11. B12. C13. B14. A15. B	<p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none">1. B2. A3. A4. B5. D	<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none">1. A2. D3. A4. C5. D6. B7. C8. C9. C10. C11. B12. C13. D14. B15. A
--	--	--

Sanggunian

Alcaraz, Cid. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik para sa Senior High School*.

Quezon City: Educational Resources Corporation.

Bernales, Rolando A. 2016. *Komunikasyon sa Makabagong Panahon*. Malabon City:

Mutya Publishing House, Inc.

Dayag, Alma M. at del Rosario, Mary Grace G. 2017. *Pinagyamang Pluma –*

Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Quezon City:

Phoenix Publishing House.

<https://www.google.com/search?q=video+ng+kampanya+ng+pulitiko&oq=video+ng+kampanya+ng+pulitiko&aqs=chrome..69i57j33.15083j0j7&client=ms-android-oppo&sourceid=chrome-mobile&ie=UTF-8>

<https://tl.wikipedia.org/wiki/Wika>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph